# Prebensyon sa mga Pekeng Account



Ang mga account na nagbibigay ng mga mapalinlang na remittance ay ituturing na kasabwat ng mga sindikato. Ito ay kikilalanin bilang krimen na panlilinlang sa ilalim ng Criminal Code at money laundering sa ilalim ng Money Laundering Prevention Act!

Hangga't humihingi ng passbook, ATM card, at password, madalas ay gagamitin ang mga ito sa iligal na pamamaraan



Mga kriminal lamang ang gagamit ng pagkakakilanlan ng iba upang itago ang sarili at ang mga pinansyal na transaksyon nito



Ang pagbigay ng sariiling account sa iba ay maaaring ituring na paglabag sa Employment Services Act at maaari itong magresulta sa pagbawi ng employment permit. Maaari ring mahatulan sa korte at habulin ng mga biktima para sa kabayaran sa anumang pinsala.

Pinanggalingan ng Impormasyon: Legal Department

菲律賓文版

# Prebensyon sa mga Pekeng Account





Ang pagpapahiram sa iba ng sariling account ay maaaring maturing na kasabwat sa panloloko o sa money laundering!

## Halimbawa

Si Lina ay dumating sa Taiwan upang magtrabaho bilang isang caregiver. Mayroon siyang nakilala sa Facebook na isang kababayang nagngangalang JOJO. Humiram si JOJO ng bank account kay Lina upang magpadala ng pera sa kadahilanang wala pa itong sariling account sa Taiwan at nangangailangan ang pamilya nito ng pera. Matapos magpadala ay ibabalik dapat ang account kay Lina. Ibinigay ni Lina ang kanyang passbook, ATM card, at password kay JOJO upang gamitin kahit hindi pa nabeberipika ni Lina ang pagkatao nito.

Matapos makuha ang passbook, ATM card, at password ni Lina, niloko ni JOJO at ng iba pang kasabwat na scammer nito si Ahai. Matapos malinlang, inilipat ni Ahai ang pera sa bank account ni Lina. Nalaman ni Ahai na siya ay niloko at ini-ulat ito sa mga pulis. Matapos imbestigahan ay nalamang kay Lina ang account. Nahatulan si Lina sa hukuman dahil ang pagpapahiram nito ng account ay itinuturing na pagiging kasabwat sa salang panlilinlang at money laundering kung saan siya ay napatawan ng dalawang buwan na pagkakakulong.




## Resolusyon

⚠ Sinabi ni JOJO na wala itong sariling bank account at kinakailangang humriam sa iba upang makatanggap ng pera. Mahahalatang ang pinanggalingan ng perang inilipat ay maaaring nanggaling sa panloloko o sa mga iligal na pamamaraan.

⚠ Sa pagpapahiram sa mga scammer ng bank account, si Lina ay naturing kasabwat ng mga ito sa panloloko o sa paglabag sa mga batas kontra sa money laundering prevention.

Pinanggalingan ng Impormasyon: Legal Department

LINE 1955

f 1955hotline

勞動部勞動力發展署
WORKFORCE DEVELOPMENT AGENCY, MINISTRY OF LABOR

廣告



# Prebensyon sa mga Pekeng Account

**Mag-ingat! Ang mga pekeng account ay ginagamit ng mga scammer upang makakuha ng pera!**

## Halimbawa

Si Ah Da ay dumating sa Taiwan upang magtrabaho sa isang pabrika at nag-apply ito ng isang bank account para sa kanyang sweldo. Matapos magtrabaho ng 6 na taon at bago bumalik ng bansa, ini-withdraw nito ang laman ng bank account hanggang sa NTD56 nalang ang laman nito. Sa akalang hindi na nito gagamitin muli ang account, ibinigay nito sa iba ang ATM card at password nito. Umuwi siya sa sarili nitong bansa noong ika-8 ng Enero 2022.

Matapos makuha ang account ni Ah Da, ipinadala ng mga miyembro ng sindikato sa biktimang si Xiao Ming ang pera sa account ni Ah Da. Nang hindi inaasahan ay bumalik ng Taiwan si Ah Da noon ika-6 ng Abril 2011 at agaran itong nahatulan. Si Ah Da ay nahatulan ng hukumang kasabwat sa panloloko at sa money laundering.



## Analysis

- Ginamit ng mga scammer ang ATM card ni Ah Da upang kunin ang pera na nagresulta sa pagkasira ng daloy ng pera kung saan hindi na malaman ang pinangglingan nito. Bago umuwi sa sarili nitong bansa, ini-withdraw ni Ah Da ang pera sa kanyang account hanggang NTD56 nalang ang natira. Nang dahil dito, napagdesisyunan ng korte na ang kanyang kilos ay maituturing pagtulong sa pagkamit ng pera sa pamamagitan ng panloloko.

- Ikaw ay maituturing na kasabwat kung ipinagamit mo ang account sa mga scammer. Ito ay isang paglabag sa Criminal Code dahil sa pagtulong sa panloloko at sa Money Laundering Prevention Act nang dahil sa pagtulong sa pag-money laundering.

Pinanggalingan ng Impormasyon: Legal Department

LINE 1955
1955hotline
勞動部勞動力發展署
WORKFORCE DEVELOPMENT AGENCY, MINISTRY OF LABOR
廣告



# Prebensyon sa mga Pekeng Account

**Ang pagpapahiram ng sariling account upang magamit ng iba ay maaaring maturing manloloko o katulong sa money laundering!**

## Halimbawa

Nakilala ni Jerry, isang Pilipino, ang isang miyembro ng sindikatong nanloloko na si Jimmy. Ipinagamit nito ang sariling account at tumulong sa pag-withdraw ng pera para kay Jimmy.

Niloko ni Jimmy si Shuzhen at gamit ang iba' t ibang rason ay hiniling nitong magpadala ng pera si Shuzhen. Nalaman ni Shuzhen na siya ay naloko at iniulat ito sa mga pulis. Sinundan ng mga pulis ang mga bakas at nalamang ang account ay ibinigay ni Jerry. Matapos idemanda si Jerry, nasigurong pinagamit ni Jerry ang kanyang account. Ang pagtulong sa pagtanggap ng mga nakaw na pera ay itinuturing na nagkasala sa pagtulong manloko at sa money laundering kung kaya siya ay nahatulan ng 3 buwang pagkakabilanggo at namultahan ng NT$30,000.



## Resolusyon

- Nakipagtulungan si Jerry sa mga manloloko at ini-withdraw ang mga pondo mula sa panloloko. Lumikha ito ng isang butas sa daloy ng pera at nang dahil dito ay naging imposible o mahirap nang matunton ito. Kinilala ng korte na ito ay pareho sa krimen ng pagkuha ng pagmamay-ari ng iba sa pamamagitan ng panloloko.
- Kung ang migranteng manggagawa sa Taiwan ay nagbigay ng account para sa panlilinlang ng kapwa, siya ay ituturing na kasabwat ng mga sindikato at manloloko at lumalabag sa Batas Kriminal na pagtulong sa panloloko at sa Money Laundering Prevention Act. Babawiin ng Ministry of Labor ang kanyang employment permit at uutusan siyang bumalik sa kanyang sariling bansa at maaapektuhan ang kanyang karapatang magtrabaho sa Taiwan.